# TASK FORCE PARA SA MULING PAGDIDISTRITO

# LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO

# KATITIKAN

**Ginanap sa pamamagitan ng Videoconference**
*(Binigyan ng remote access sa pamamagitan ng teleconference)*
www.sfgovtv.org

## Setyembre 17, 2021 – 2:00 PM

## Pampasinayang Pagpupulong

**Mga Miyembro:** Jeremy Lee, Jose Maria (Chema) Hernández Gil, J. Michelle Pierce, Matthew Castillon, Arnold Townsend, Lily Ho, Raynell Cooper, Chasel Lee, Ditka Reiner

**1. Atas ng Paninimula at Pagtawag sa mga Pangalan**

*Nagpulong ang Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa isang pampasinayang sesyon sa pamamagitan ng videoconference, at nagbigay ng komento ang publiko sa pamamagitan ng teleconference noong Biyernes, Setyembre 17, 2021. Pinasimulan ng Klerk na si John Carroll ang pagpupulong ng 2:10 p.m.*

*Nang tinawag ang listahan ng mga pangalan, sina Miyembro Jeremy Lee, Miyembro Hernández Gil, Miyembro Pierce, Miyembro Castillon, Miyembro Townsend, Miyembro Ho, Miyembro Cooper, Miyembro Chasel Lee, at Miyembro Reiner ay kinilalang dumalo. Nagkaroon ng korum.*

*Pinasinayaan ni Angela Calvillo, Klerk ng Lupon (Lupon ng mga Superbisor) ang seremonya ng panunumpa ng mga miyembro ng 2020 Senso Task Force para sa Muling Pagdidistrito.*

**2. Maikling Pahayag ukol sa Layunin ng Task Force**

*Nagbigay ng maikling pahayag ukol sa layunin at mga obligasyon ng Task Force at mga miyembro nito sina John Arntz, Direktor ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon), at si Adrienne Pon, Direktor ng Office of Civic Enegagement and Immigrant Affairs (Tanggapan ng Pakikipag-ugnayan sa Mamamayan at Kapakanan ng mga Migrante).*

*Mga Tagapagsalita: Mark Powell; David Pilpel; nagsalita ukol sa iba't-ibang mga alalahanin patungkol sa usapin sa pagdinig.*

**3. Pagpapakilala sa mga Miyembro ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito**

*Nagbigay ng panimulang pahayag ang bawat bagong miyembro ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito at nagpahayag ng pagtanggap sa bawat isa sa grupo.*

**4. Pagpapakilala sa Klerk ng Lupon na si Angela Calvillo, at mga kawani, pati na rin ang mga plataporma sa pagpupulong, regular na iskedyul ng pagpupulong, awtoridad ng parlyamento, at pag-abot**

*Nag-presenta ng maikling pahayag ang Klerk ng Lupon (Lupon ng mga Superbisor) na si Angela Calvillo na nagpapakilala sa mga serbisyo ng Tanggapan ng Klerk ng Lupon, kasama ang mga serbisyo na may kinalaman sa remote (pang-malayuan) at personal na pakikipagpulong ng Task Force, pati na rin ang cablecast na serbisyo na ipinagkakaloob sa pamamagitan ng SFGovTv; sinagot din ang mga katanungan sa panahon ng talakayan.*

*Mga Tagapagsalita: Sana Sethi ng SF Rising (Pag-angat ng SF); Lauren Girardin at Jenny Tse ng League of Women Voters San Francisco (Liga ng mga Botanteng Kababaihan ng San Francisco); David Pilpel; nagsalita ukol sa iba't-ibang mga alalahanin patungkol sa usapin sa pagdinig.*

**5. Talakayan at Aksyon sa Pagtatalaga ng Miyembro ng Task Force bilang Tagapangulo at pagtatalaga ng Pangalawang-Tagapangulo**

*Inilahad ni Klerk Carroll ang patnubay sa pag-nomina at pagboto para sa katungkulan ng Tagapangulo at Pangalawang-Tagapangulo, binuksan ang mga nominasyon para sa katungkulan ng Tagapangulo. Ninomina ni Miyembro Castillon si Miyembro Townsend; ninomina ni Miyembro Jeremy Lee ang kanyang sarili. Sinara ang mga nominasayon at ninomina sina Miyembro Townsend at Jeremy Lee.*

*Mga Tagapagsalita: Nagpahayag ng pag-suporta para kay Miyembro Townsend sina Caryl Ito at David Pilpel; nagpahayag naman ng pag-suporta para kay Miyembro Jeremy Lee si Sana Sethi (SF Rising).*

**Hinalal sa katungkulan ng Tagapangulo si Miyembro Townsend sa pamamagitan ng mga sumusunod na boto:**

Mga Boto para kay Miyembro Townsend: 5
Miyembro Castillon, Miyembro Townsend, Miyembro Ho, Miyembro Chasel Lee, Miyembro Reiner

Mga Boto para kay Miyembro Jeremy Lee: 4
Miyembro Jeremy Lee, Miyembro Hernández Gil, Miyembro J. Michelle Pierce, Miyembro Raynell Cooper

*Binuksan ni Klerk Caroll ang mga nominasyon para sa katungkulan ng Pangalawang Tagapangulo. Ninomina ni Miyembro Pierce si MiyembroCooper; ninomina ni Miyembro Jeremy Lee ang kanyang sarili; ninomina ni Miyembro Chasel si Miyembro Reiner. Sinara ang mga nominasyon at ninomina sina Miyembro Cooper, Jeremy Lee, at Reiner. Nagpahayag ng pag-suporta para kay Miyembro Jeremy Lee sina Sana Sethi (SF Rising) at David Pilpel. Nagpahayag naman ng pag-suporta para kay Miyembro Reiner si Caryl Ito.*

**Hinalal sa katungkulan ng Pangalawang-Tagapangulo si Miyembro Reiner sa pamamagitan ng mga sumusunod na boto:**

Mga Boto para kay Miyembro Reiner: 5
Castillon, Townsend, Miyembro Ho, Miyembro Chasel Lee, Miyembro Reiner

Mga Boto para kay Miyembro Jeremy Lee: 3
Miyembro Jeremy Lee, Miyembro Hernández Gil, Miyembro J. Michelle Pierce

Mga Boto para kay Miyembro Raynell Cooper: 1
Miyembro Raynell Cooper

**6. Talakayan hinggil sa mga batas etika sa pamamahala, mga pampublikong pagpupulong, at mga pangangailangan sa bukas para sa publikong mga rekord na nalalapat sa Task Force**

*Nagbigay ng maikling pahayag ukol sa pampublikong mga pagpupulong at mga pangangailangan para sa bukas para sa publikong mga rekord sina Andrew Shen, Ana Flores, at Gus Guibert, Kinatawan na mga Abugado ng Lungsod (Tanggapan ng Abugado ng Lungsod), pati na rin ang tungkol sa komunikasyon sa pagitan ng mga kawani at Miyembro ng Task Force at ang paglalapat ng Sunshine Ordinance; sinagot din ang mga katanungan sa panahon ng talakayan.*

*Mga Tagapagsalita: Lauren Girardin at Jenny Tse (League of Women Voters San Francisco); David Pilpel; nagsalita ukol sa iba't-ibang mga alalahanin patungkol sa usapin sa pagdinig.*

**7. Pagpapakilala sa kasangguni, Datos at Pananaliksik para sa Q2, at pangkalahatang ideya ng mga serbisyo**

*Nagbigay si Karin Mac Donald, Tagapamahala ng Proyekto at Nakatataas na Kasangguni sa Muling Pagdidistrito (Datos at Pananaliksik para sa Q2), ng maikling pahayag ukol sa mga serbisyo ng Datos at Pananaliksik ng Q2, kasama ang paghahanda ng datos at GIS na mga kagamitan sa pagmamapa na kaugnay ng pagsubaybay at presentasyon ng datos na makaaapekto sa mga komunidad habang isinasagawa ang proseso ng muling pagdidistrito; sinagot din ang mga katanungan sa panahon ng talakayan.*

*Mga Tagapagsalita: Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); nagsalita ukol sa iba't-ibang mga alalahanin patungkol sa usapin sa pagdinig.*

*Hiniling ni Tagapangulong Townsend na dinggin nang sabay ang mga usapin sa adyenda 8 at 10.*

**8. Talakayan Tungkol sa mga Adyenda sa Hinaharap**

*Tinalakay ng mga miyembro ang mga posibleng usapin sa hinaharap tulad ng mga sumusunod:*

- *Pagbalangkas ng regular na iskedyul para sa pagpupulong;*
- *Pagtalakay ng plano ukol sa pagsasagawa sa hinaharap ng mga pagpupulong sa loob ng distrito;*

*Nagbigay impormasyon si Angela Calvillo, Klerk ng Lupon (Lupon ng mga Superbisor), at sinagot ang mga tanong sa panahon ng talakayan.*

*Mga Tagapagsalita: Lauren Girardin at Jenny Tse (League of Women Voters San Francisco); David Pilpel; nagsalita ukol sa iba't-ibang mga alalahanin patungkol sa usapin sa pagdinig.*

*Sinegundahan ni Miyembro Cooper si Miyembro Pierce sa paghain ng mosyon na ganapin ang susunod na pagpupulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa Lunes, Oktubre 4, 2021, 5 p.m. Ipinagtibay ang mosyon ayon sa sumusunod na mga boto:*

*Mga Botong Oo: 9*
*Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner*

*Sinegundahan ni Miyembro Chasel Lee ang mosyon ni Miyembro Jeremy Lee na bawiin ang naunang botohan. Ipinagtibay ang mosyon ayon sa sumusunod na mga boto:*

*Mga botong Oo: 9*
*Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner*

**Sinegundahan ni Miyembro Chasel Lee si Miyembro Jeremy Lee sa paghain ng mosyon na ganapin ang susunod na pagpupulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa Lunes, Oktubre 4, 2021, 6:00 p.m. Ipinagtibay ang mosyon ayon sa sumusunod na mga boto:**

Mga botong Oo: 9
Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner

**9. Pangkalahatang Pagkomento ng Publiko**

*Mga Tagapagsalita: Wala.*

## 10. Mga Usapin sa Adyenda sa Hinaharap

*Mangyaring tingnan ang Katitikan Blg. 8 sa itaas.*

## 11. Pagtatapos

*Nang dahil wala nang iba pang tatalakayin, nagtapos ang pagpupulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa oras na 5:43 p.m.*

*Pakitandaan. Inilahad ng Katitikan ng pagpupulong na ito ang lahat ng mga pagkilos na ginawa ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa mga usapin na nakasaad, ngunit hindi nakaayon sa pagkakasunud-sunod ng pagtalakay sa mga nasabing usapin.*

**Inaprobahan: Oktubre 4, 2021**
**Task Force para sa Muling Pagdidistrito**